

# Bakuna laban sa coronavirus

## – Comirnaty (Pfizer/BioNTech)

---

### Impormasyon kapag inalok ka ng bakunang ito

Ang novel coronavirus ay nagdudulot ng impeksyon sa daanang respiratoryo. Maraming tao ang nakakaranas ng katamtaman o walang mga sintomas, pero ang ilan ay maaaring lumala ang sakit. Ang matatanda, at mga taong may iba pang sakit dati ay lubhang nanganganib sa malubhangsakit o pagkamatay. Ang bakuna sa coronavirus ay pumipigil sa sakit na COVID-19. Ang pangunahing layunin ay protektahan ang buhay at kalusugan.

### Sino ang dapat magkaroon ng bakunang coronavirus?

Ang mga bakuna sa coronavirus na inalok sa pamamagitan ng programa sa pambansang pagbabakuna ay available para sa mga taong nakatira sa Norway. Ang bakuna ay libre at boluntaryo.

### Paano ako makakakuha ng bakuna?

Tingnan ang website ng iyong munisipalidad para sa impormasyon tungkol sa kung sino ang inaalok ng bakuna, paano isinasaayos ang bakuna at saan ito gagawin.

### Paano ibinibigay ang bakunang ito?

Ang bakuna ay itinuturok sa itaas na braso. Bago ang bakuna, tatanungin ka kung mabuti ang pakiramdam mo at kung nagkaroon ka ng reaksiyon sa ibang mga bakuna na dating itinurok sa iyo. Tandaan na sabihin kung nagkaroon ka na ng COVID-19 o nabakunahan na dati para sa coronavirus, buntis, may allergy, umiinom ng gamot o may iba pang problema sa kalusugan. Sundin ang mga tagubilin para sa dami ng dosis at pagitan na naaangkop para sa iyong grupo. Matutulungan ka ng center ng pagbabakuna. Mahalagang magpabakuna sa naka-iskedyul na oras. Karaniwang ipinagpapaliban ang bakuna sa may malalang karamdaman at may lagnat na higit sa 38 °C. Pagkatapos ng bakuna, hihilingin sa iyo na maghintay sa lugar ng pagbabakuna nang mga 20 minuto.

### Paano gumagana ang bakunang ito?

Ang bakunang ito ay naglalaman ng resipe (messenger RNA) para sa mga spike ng coronavirus. Ang katawan ay gumagawa ng hindi nakapipinsalang kopya ng mga spike na ito na maaaring sanayin ng panlaban sa sakit. Sa paraang ito, nakikilala ng panlaban sa sakit ang mga spike ng coronavirus at maaaring depensahan ang katawan kung ito ay nahawahan ng virus. Ang messenger RNA ay agad kumakalat sa katawan at walang epekto sa genetic na materyal.

Ang bakuna ay hindi naglalaman ng live virus at hindi nagdudulot ng sakit sa COVID-19. Ang bakuna sa coronavirus ay kumikilos upang mapigilan ang sakit. Hindi nito magagamot ang kasalukuyang sakit.

Ang paraan ng paggawa ng mga bakuna ay hindi na nagagamit noong una para sa mga nakakahawang sakit sa mga tao, pero ang teknolohiya ay kilala at ginagamit sa paggamot ng kanser.

## **Gaano kahusay gumagana ang bakunang ito?**

Ang bakuna ay nagpoprotekta laban sa sakit na dulot ng novel coronavirus. Ang proteksyon laban sa *malalang* sakit ay mataas pagkatapos ng una at pangalawang dosis. Ang dalawang dosis ay kailangan para sa magandang proteksyon laban sa *pagkahawa* sa coronavirus. Hindi pa namin alam kung gaano tatagal ang proteksyon. Kapag bumaba ang proteksyon sa paglipas ng panahon, kailangang magkaroon ng booster na dosis. Ang mga bakuna ay hindi ganap na nagpoprotekta laban sa higit na pagkalat ng impeksyon. Kaya, mahalagang patuloy na sundin ang kasalukuyang payo upang kontrolin ang impeksyon.

## **Mga side effect**

Karamihan sa mga side effect ay nagaganap sa unang ilang araw pagkatapos ng bakuna. Ang mga bakuna sa coronavirus ay nagbibigay ng higit na karaniwang side effect kaysa sa ibang mga bakuna. Ang mga sintomas ay karaniwang banayad hanggang katamtaman at nawawala pagkatapos ng ilang araw, subalit ang ilan ay mas lumalala ang mga sintomas. Ang mas bata ay madalas na nagkakaroon ng medyo mas malalang side effect kaysa sa mas matatanda.

Karamihan sa mga nabakunahang tao ay sumasakit ang lugar ng tinurukan. Kabilang sa karaniwang mga side effect ang pagod, sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, panginginginig, pananakit ng kasu-kasuan at lagnat. Ang mga side effect na ito ay higit na mas karaniwan pagkatapos ng ika-2 dosis.

Ang malalang mga side effect ay bihira. Kabilang sa bihirang side effect ang pamamaga ng puso (myocarditis at pericarditis). Karaniwang nangyayari ito pagkatapos ng 2 dosis at madalas ay sa mga kabataan at edad tatlumpu pataas. Ang mga malalang side effect tulad ng malalang alerdyi at pamamaga ng puso ay maaaring gamutin kapag nangyari ito. Hindi namin malalaman ang mga hindi kilalang side effect, o mga side effect na lumilitaw pagkatapos ng bakuna.

## **Ano ang gagawin ko kapag nagkaroon ako ng mga side effect?**

Kapag nakakaranas ka ng hindi inaasahan, malala o matagal na mga sintomas, kontakin ang inyong doktor o iba pang health care worker para sa pagtatasa at payo. Naaangkop ito maniwala ka man o hindi na ito ay dahil sa bakuna. Ang mga healthcare worker ay may tungkulin na ireport ang anumang seryoso o hindi inaasang reaksyon na inaasahan nilang dahil sa bakuna. Maaari kang magpadala rin ng abiso sa sarili mo sa pamamagitan ng [helsenorge.no](https://helsenorge.no).

## **May kondisyong pahintulot**

Ang bakunang ito sa coronavirus ay nasuri sa malalaking pag-aaral kung saan libu-libong tao ang tumanggap ng bakuna. Ang mga pag-aaral na ito ay isinagawa sa parehong paraan para sa ibang mga bakuna, subalit ang oras ng obserbasyon ay mas maikli. Ang mga awtoridad ng regulatoryo sa medisina ay nagbigay ng bakuna sa may kundisyong pahintulot. Nangangahulugan ito na may sapat na data upang tasahin ang benepisyo ng bakuna na mas malamang sa panganib, subalit ang producer ng bakuna ay dapat magpatuloy sa mga pag-aaral at patuloy na maglaan ng data sa mga awtoridad ng regulatoryo ng medisina kapag available ang mga ito.

## **Alin sa mga bakuna ang natanggap ko?**

Kung binigyan ka ng bakuna sa coronavirus, irerehistro ito sa Norwegian Immunisation Registry, SYSVAK. Maaari mong ma-access ang iyong impormasyon sa [helsenorge.no](https://helsenorge.no).

## **Gusto mo bang malaman ang higit tungkol dito?**

Magtanong sa inyong doktor o iba pang health care worker o bisitahin ang website ng Norwegian Institute of Health sa [fhi.no/cip](https://fhi.no/cip).